GMRC 2 Term 1 Reviewer

Panuto: Basahin at intindihin ang mga tanong. Isulat ang mga sagot sa patlang.

_____1. Ano ang pagiging masinop?
A. Pagtatapon ng mga kagamitan.
B. Pagsira ng mga bagay na maaari pang gamitin.
C. Wastong paggamit, pag-iingat, at pag-aalaga ng mga bagay.

_____2. Magbigay ng isang paraan ng pagtitipid ng tubig.
A. Isara ang gripo pagkatapos gamitin.
B. Hayaang nakabukas ang gripo habang nagsesepilyo.
C. Maglaro ng tubig habang naglalaba

_____3. Ano ang dapat gawin sa malinis na scrap paper?
A. Itabi at gamitin muli kung maaari.
B. Gawing pambato sa kalaro.
C. Sunugin ang mga ito.

_____4. Ano ang pagiging masunurin?
A. Palaging pagsunod sa mga wastong alituntunin at patakaran.
B. Pagsunod sa mga alituntunin kapag may nakakakita lamang.
C. Pagsunod sa mga patakaran kung kailan mo lamang gusto.

_____5. Bakit sinusunod ang mga alituntunin sa pamayanan?
A. Upang may maipagyabang sa mga tao.
B. Upang maging ligtas, at mapayapa ang pamayanan.
C. Upang mabigyan ng premyo mula sa pamayanan.

____6. Ano ang talento?
A. Kakayahang maaaring mapaunlad.
B. Kakayahang hindi mo kayang gawin.
C. Kakayahan ng ibang tao na wala sa iyo.

_____7. Sino ang maaaring tumulong sa pagtuklas ng talento?
A. Mga tao na nasa ibang bansa.
B. Pamilya, guro, at ibang taong gumagabay sa bata.
C. Mga malalayong kamag-anak na hindi mo madalas makita.

_____8. Alin ang hindi nakakatulong na mapauunlad ang talento?
A. Pagsasanay nang paulit-ulit
B. Pagsasanay kung kailan mo lamang gusto.
C. Pagsisikap at pagtanggap ng gabay

_____9. Ano ang dapat gawin kapag hindi nanalo sa paligsahan?
A. Sabihing dinaya ka kaya ka natalo.
B. Sabihing hindi ka na ulit sasali sa mga paligsahan.
C. Sumubok muli at gamitin ang karanasan upang gumaling.

_____10. Alin ang hindi nagpapakita ang tiwala sa sarili?
A. Maniwalang kaya mong matuto.
B. Palaging umaasa sa tulong ng iba.
C. Subukan ang gawain at magsanay.

LIVEWORKSHEETS

TAMA o MALI

_____ 11. Iniiwang bukas ang ilaw kahit walang tao sa silid.

_____ 12. Magtapon ng basura kahit may basurahan naman.

_____ 13. Itabi ang malinis na papel upang magamit muli.

_____ 14. Sumunod sa mga tuntunin sa paaralan.

_____ 15. Magsanay sa pagguhit upang mapaunlad ang talento.

_____ 16. Kumukuha lamang ng pagkain na kayang ubusin.

_____ 17. Inaalagaan ang mga gamit sa paaralan.

_____ 18. Tumawid sa tamang tawiran.

_____ 19. Pitasin ang mga bulaklak sa parke para iuwi.

_____ 20. Paggalang sa mga magulang, guro at iba pang nakakatanda.

LIVEWORKSHEETS